

Ang Sekularismo at Pluralismo Ayon Kay Charles Taylor

Emmanuel C. de Leon

Departamento ng Pilosopiya

Ang Maharlika at Pontipikal na Unibersidad ng Santo Tomas

Abstrak:

Ang papel na ito ay tumatalakay sa pilosopiya ni Charles Taylor, isa sa pinakamahalagang buhay-pang-pilosopo ng ating kasalukuyang panahon. Ang paksang-diwa nito ay nagnanais mag-ambag sa napakahalagang usapin ng pag-unawa sa panahong mayroon tayo ngayon, ang panahon ng pluralismo. Pambihirang pagtatangka ng pag-aaral na ito ang ipakilala ang mala-gintong pananaw ni Taylor gamit ang wikang sarili. Sa unang bahagi ng papel, masinsinang inuugat ang impluwensyang pilosopikal ni Taylor. Mula dito, iminumungkahi ng kasalukuyang papel na ang analisis ni Taylor sa makabagong panahon ay nakabatay sa penomenolohikal na pag-unawa ni Heidegger sa kasaysayan. Ang mga sumunod na bahagi ng papel ay nagbibigay ng maingat na pag-uulat tungkol sa analisis ni Taylor sa panahon ng sekularismo at pluralismo. Sa huling bahagi ng papel, ilang mahahalagang puntos sa kaisipan ni Taylor ang matatagpuan na naglalayong magbigay ng ilang pananaw na magagamit natin upang maunawaan ang pluralismo lalo't higit sa konteksto ng Pilipinas.

Mga Susing Salita: Charles Taylor, Pluralismo, Kasaysayan, Kultura, Diyologo

Panimula

Ang paksang-diwa ng papel na ito ay hindi lamang kapaki-pakinabang, kundi napapanahon din. Kapaki-pakinabang, sapagkat pambihirang pagtatangka ng papel na ito ang ipakilala ang mayayamang kaisipan ni Charles Taylor (1931-), isa sa pinaka-importanteng buhay-pang-pilosopo ng ating panahon, sa wikang Filipino. Napapanahon din ito sapagkat sa puntong ito ng ating kasaysayan, dumating na tayo sa pag-unawa hindi lamang sa reyalidad ng pluralismo, kundi maging sa pagiging lehitimo ng pag-iral nito. Ang klase ng pag-unawang ito ang nagdadala sa atin sa isang mahinahon at matyagang pag-iimbestiga sa nasabing kondisyon ng buhay. Si Charles Taylor ay isa sa mga naghahain ng isang komprehensibo at mapanghamong analisis ng panahong meron tayo ngayon. Dahil dito, ang kasalukuyang papel ay sumusubok na magbigay ng ilang pag-uulat at pagmumuni-muni sa mga inihaing konsepto ni Taylor upang sa ganoon ay makapagmungkahi sa bandang huli ng papel ng ilang mahahalagang konsepto tungo sa pag-unawa ng klase ng sekularismo at pluralismo sa ating bansa. Ano nga ba ang kondisyon ng posibilidad ng pagkakaiba-iba ng opinyon, konsepto ng mabuti at masama, panlasa sa kung ano ang katanggap-tanggap, at maging mismong pananaw natin sa buhay? Ano ang nagdala sa atin sa nasabing kondisyon at paano natin ito uunawain?

Ang Impluwensya ni Heidegger Kay Taylor

Sa isang panayam ng *The Prospect* (Pebrero, 2008) kay Taylor, masinsinang tinanong ni David Goodhart kung paano natuon ang pag-iisip ni Taylor sa pananampalataya at relihiyon. Bilang tugon, nilinaw ni Taylor ang pagiging malawak ng impluwensya ng kanyang kaisipan. Ipinaliwanag niya na ang pananampalatayang binabanggit niya sa kanyang mga aklat ay pananampalatayang hindi nanggaling sa Bibliya.¹ Sa pagkakaunawa ni Taylor, ang paglalantad ng Diyos ay hindi nakakulong sa mga doktrina ng mga teologo. Sa halip, ito ay *nangyayari* sa kasaysayan. Para maging mas

¹ Malawak at iba't iba ang pinanggalingang tradisyon ni Charles Taylor. Sa pamilya ng kanyang nanay ay namamayani ang Katolikong tradisyon. Samantalang ang kanyang ama ay isang Anglikano. Ang kanyang lolo naman, na isang maimpluwensyang taong-gobyerno, ay Volterian at anti-clerical. Sa pag-amin ni Taylor, may isang punto sa buhay niya na bigla na lamang siyang naging interesado tungkol sa Diyos.

eksakto, ang pananampalataya ay makasaysayan. Kaya nga, ang mga istorya ng pananampalataya ni Taylor ay makasaysayan. At, ang daan sa pagkaunawa dito ay sa paraang makasaysayan din. Kaugnay nito, sinabi ni Taylor:

Subalit sa aking pananaw ay hindi natin mauunawan ito [pananampalataya o ang kawalan ng pananampalataya] kung susubukan nating isantabi ang kasaysayan. Umaasa akong magiging malinaw ang punto kong ito habang nagpapatuloy tayo. Pero, upang magbigay lamang ng isang malawak na paglalarawan sa puntong ito: ang isang mahalagang katotohanan sa ating kasalukuyang kondisyon ng ispiritwalidad ay ang pagiging makasaysayan nito; ibig sabihin nito, ang pag-unawa natin sa ating sarili at kung saan tayo nakatuntong ngayon ay mayroong aspekto na hinuhulma ng pagpupumiglas nating makarating sa kung nasaan tayo ngayon, ng pagiging nakawala sa dating kondisyon.²

Kung totoo ang sinasabi ni Taylor, ibig sabihin nito ay mayroong entablado na pinagsasaluhan ang mga naniniwala at hindi-naniniwala sa Diyos. Mahalaga ang konseptong ito ni Taylor upang maunawaan o magising man lamang tayo sa uri ng panahong ating kinasasadlakan, ang panahon ng pluralismo.

Mayroong mga pinagsasaluhang pilosopiya sina Martin Heidegger (1889-1976) at Charles Taylor, kung saan ito ay mas lutang sa kanilang parehas na pagiging kritikal sa mapagkwentang pag-iisip (*calculative thinking*). Sa halip na magpunterya ng nag-iisang engrandeng kwento, ang dalawang nasabing pilosopo ay mayroong pagkiling sa maraming kahulugan ng bagay bagay. Itong impluwensya ni Heidegger kay Taylor, kung tama ang aking pagbasa, ang nagtulak sa kanya na magnilay-nilay sa

² Charles Taylor, *A Secular Age* (Cambridge, Mass.: Harvard University Press, 2007), 28 (sariling salin). Sa mga susunod na halaw sa aklat na ito, gagamitin ang SA. Ang direktang sinabi niya sa wikang Ingles, *But I don't think it can properly be done if one tries to elide the history. I hope the reasons for this will become clearer and more convincing as I proceed. But just to give the general shape of them here: it is a crucial fact of our present spiritual predicament that it is historical; that is, our understanding of ourselves and where we stand is partly defined by our sense of having come to where we are, of having overcome a previous condition.*



kasaysayan ng kasalukuyang panahon, ang panahon ng pagkakaiba-iba. Upang mas maunawaan natin ito, magbigay muna tayo ng pagtalakay kung ano ang ibig sabihin ni Heidegger sa “kasaysayan.”

Sa ordinaryong pag-unawa sa kasaysayan, ito ay isang sistematikong pag-aaral ng mga tao, lugar, at mga pagkakataon na nangyari na sa nakaraan. Ang kasaysayan nga ay matatagpuan sa makakapal at maalikabok na mga libro na naglalaman ng makinis na kwento tungkol sa mga nangyari na upang magamit sa kasalukuyan at sa hinaharap. Sa madaling salita, kung nais mong malaman ang kasaysayan ng sekularismo (sa ganitong ordinaryong pag-unawa sa kasaysayan), kailangan mo lamang bumisita sa *library* at maghalungkat ng mga libro tungkol dito. Ayon kay Heidegger, isa itong *historiography* (*Historie*) at hindi *history* (*Geschichte*) sa ontolohikal na pag-unawa. Ano ang kaibahan ng dalawa?

Sa depinasyon ni Heidegger, ang *Historie* ay isang syensya ng pagtitipon ng mga *factum* (mga bagay na nasa harapan mo; nakahandang siyasatin). Para maipaliwanag ang kaibahan nito sa *Geschichte*, tinatanong ni Heidegger, “Ano nga ba ang ibig sabihin ng kasaysayan bilang disiplina?”³ Upang maipaliwanag ito, pinatawan niya ng depinasyon ang *Historie* bilang tiyakang pagpapaliwanag ng nakaraan sa perspektibo ng saysay nito sa kasalukuyan at hinaharap. Samakatuwid, ang mga bagay-bagay ay ipinapalagay na pwedeng kwentahin at isaayos upang magamit at mamaniipula.⁴ Ang “tiyakang pagpapaliwanag” na ito ng nakaraan ay nanggagaling sa *kahiligang* ikulong sa mababagsik na depinasyon ang mga bagay-bagay. Tinitingnan nito ang nakaraan bilang mga *artefact* na maaaring kwentahin para magamit sa hinaharap. Samakatuwid, ang kasaysayan, sa ganitong pagtingin, ay ang mga nangyari na.

Ang kasaysayan bilang *Geschichte*, sa kabilang banda, ay may kaugnayan sa kapalaran o tadhana. Galing ito sa salitang Aleman na *Schicken* na nangangahulugang “ipadala.” Sa ganitong pagtingin, ang kasaysayan ay

³ Tingnan Martin Heidegger, *Contributions to Philosophy (From Enowning)*, trans. Parvis Emad and Kenneth Maly (Indianapolis: Indiana University Press, 1999), 347. (Sa mga susunod, ang mga halaw sa kathang ito ay ilalagay ng CP).

⁴ Sa kanyang *Enowning*, tahasan niyang ipinaliwanag ang *Historie*, “The ascertaining explaining of the past from within the horizon of the calculative dealings of the present. Beings are hereby presupposed as what is orderable, producible, and ascertainable” (CP, 347).



mayroong buhay-na-daloy at ang nakaraan ay nasa kasalukuyan pa rin sa kanyang paglalantad. Para sa mga maka-*Geschichte* na historyador, ang mga pangyayari sa nakaraan ay patuloy pa ring nangyayari sa kasalukuyan. Ang kasaysayan, sa ontolohikal na pagkaunawa ni Heidegger, ay *nangyayari*. Isa itong pangyayari ng paglalantad at pagtatago ng mga bagay-bagay.⁵ Samakatuwid, kung tayo ay magtatanong ng mismong kasaysayan ng sekularismo, ang kasaysayan bilang disiplina ay hindi nababagay. Maaaring may gamit ang *ontic* na pamamaraan ng *Historie*, pero kung tayo ay nagtatanong tungkol sa talagang kasaysayan, isang magalang na pagkikinig sa mismong pinakikinggan ang dapat nating pagtuunan ng pansin. Ito ang “nakalimutan” ng tao sa pag-usbong ng mapag-kwentang pag-iisip. Inaanyayahan tayo ni Heidegger na tingnan ang kasaysayan sa mismong esensya nito.

Kung tama ang aking pagbasa kay Taylor, ang kanyang pag-unawa sa kasaysayan ng makabagong panahon ay nakabatay sa penomenolohikal na pag-unawa ni Heidegger sa kasaysayan. Sa kadahilanang ang ating pag-iral ay hinuhulma ng ating kinasasadlakang sitwasyon, ang ating mga paniniwala at pag-unawa sa mundo ay hindi rin makakatakas dito. Kung paano natin tingnan ang mundo ay nakabase sa tinatawag naman ni Pierre Bourdieu na “habitus”, i.e., ang paraan kung paano natin tingnan ang mundo na nakabase sa kung paano tayo *hinubog* ng mundo (kung saan ito ang nagiging *asal* natin). Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Taylor na “ang ating mga lantarang paniniwala tungkol sa mundo at sa ating sarili mismo ay nakasandig sa mga hindi-na-pinag-iisipang (at baka talagang hindi mapag-iisipang) pag-unawa, kung saan ang mga paniniwalang ito ay nagkakaroon ng kahulugan sa mga ginagawa natin.”⁶ Sa ganitong pagtingin sa kasaysayan, hindi lamang tayo binibigyan ng pagkakataong malaman ang

⁵ “Being as en-owning is history. It is from this perspective that what is ownmost to history must be determined, independently of the representation of becoming and development, independently of the historical [as discipline] observation and explanation” (CP, 348).

⁶ Charles Taylor, “Two Theories of Modernity”, in *Alternative Modernities*, ed. Dilip Parameshwar Gaonkar (London: Duke University Press, 2001), 186. (Sa mga susunod na halaw dito, gagamitin ang TTM.) Ang direktang sinabi niya sa wikang Ingles, “*The notion is that our explicit beliefs about our world and ourselves are held against a background of unformulated (and perhaps in part unformulable) understandings, in relation to which these beliefs make the sense they do.*”



mga nangyari sa nakaraan (*Historie*), sa halip buhay na buhay din ang posibilidad na makilala natin ang atin mismong sarili (*Geschichte*). Ito ang magdadala sa atin upang usisain ang mga pagninilay-nilay ni Taylor sa pag-usbong ng sekular na sibilisasyon. Sa pag-uusisang ito, makakatulong siguro na itanong natin ang mga sumusunod: 1) Sa pag-unawa ni Taylor, ano nga ba ang maging sekular na lipunan? at 2) Mayroon bang ruta sa panahon ng sekularismo na makapagdadala sa atin patungo sa pag-unawa natin sa ating kasalukuyang lipunan?

Ang Panahon ng Sekularismo

Ang sekularismo ay karaniwang tinitingnan bilang resulta ng makabagong kaisipan. Sa madaling salita, sa ganitong pagtingin, ang modernong kaisipan ay walang magagawa kundi ang talagang magdulot ng “kamatayan ng diyos”. Subulit, natutunan natin galing sa temperamento ni Heidegger na hindi porke’t ito na ang pagkakaunawa ng lahat ay siya ngang totoo. Pinasubalian ni Taylor ang ganitong kasipan sa pamamagitan ng paglalagat ng *kasaysayan* ng sekular na panahon na ibang iba sa ordinaryong pagtingin dito. Kaugnay nito, suhestyon ni Taylor,

Upang magkapaglatag ng diskusyon sa pagitan ng paniniwala at hindi paniniwala sa kasalukuyang panahon, kailangan natin itong ilagay sa konteksto ng mismong karanasan (*lived experience*), at ang ating uri ng pagtingin sa mga karanasan na ito. At hindi lamang ibig sabihin nito na tingnan ang mga bagay bilang magkakaibang “teorya” na makapagpapaliwanag ng pinagsasaluhang karanasan. Nangangahulugan din ito ng pag-unawa sa magkakataliwas na posisyon ng magkaka-ibang konteksto; kung paano maisasabuhay ang mga paniniwalang ito na para bang mga “walang-muwang” o bilang “mapagnilay”; paanong ang paniniwalang ito o iyon ang naging katanggap-tanggap na paniniwala ng maraming tao o ng kanilang panahon.⁷

⁷ SA, 13. Ang direktang sinabi niya sa wikang Ingles, *In order to place the discussion between belief and unbelief in our day and age, we have to put it in the context of this lived experience, and the construals that shape this experience. And this means not only seeing this as more than a matter of different “theories” to explain the same experiences. It also means*

Binibigyan ng pansin ni Taylor sa puntong ito ang pagiging lehitimo ng bawat yugto ng kasaysayan. Walang punto sa kasaysayan ng tao ang matatawag na “Dark Ages”. Kung taimtim ang ating pakikinig sa mga argumento ni Taylor, wala sa kanyang intensyon ang pag-usisa sa kasaysayan ng paniniwala at hindi paniniwala bilang tuloy-tuloy na istorya. Mas interesado siya sa mga pagtaliwas o mga pagbabago-ng-pananaw (*paradigm shift*) na nangyari sa kasaysayan. Sa pananaw ni Taylor, hindi natin nauunawaan ang sekular na panahon dahil sa pagkalimot natin sa esensyal na kahulugan ng pananampalataya.

Ang pananampalataya, sa pagkakaunawa ni Taylor, ay nangyayari sa isang konteksto ng ating mga karanasan. Kung paano natin tingnan ang natural at lampas-sa-natural; kung paano natin nauunawaan ang nasa mismong kalooban ng ating pagkatao o ang mga bagay na lampas sa ating pagkatao; ang mga ito ay nakaugat sa ating mga karanasan. Samakatuwid, ang pagbabago ng panahon ay nararapat ding unawain base sa karanasan. Ano ang kondisyon ng pananampalataya sa panahong sekular? Kaugnay nito, maingat na ipinaliwanag ni Taylor, “Ang pagbabago na nais kong matunton at bigyan ng kahulugan ang siyang nagdala sa atin galing sa isang lipunan kung saan mistulang imposible ang hindi maniwala sa Diyos, patungo sa isang konteksto na kung saan ang pananampalataya ay tinitingnan na lamang bilang katulad ng marami pang ibang pamimilian.”⁸ Kung susundan natin ang argumento ni Taylor, para bang mayroon siyang ibang kahulugan sa sekularidad. Anong klaseng sekularidad ang sinasabi ni Taylor? At, ano ang kahalagahan ng “pagtunton” at “pagbibigay ng kahulugan” sa ating kasalukuyang kondisyon?

Sa kanyang *A Secular Age*, nagnilay-nilay si Taylor sa tatlong uri ng sekularidad. Una, mayroong sekularidad sa pampublikong espasyo. Hindi katulad noong dati (kung saan lahat nang bagay ay konektado sa kanilang paniniwala sa Diyos), ang pananampalataya at kawalan nito ay tinitingnan sa ating panahon bilang pribadong bagay. Ito marahil ang dahilan kung bakit ipinanukala sa kongreso ng dating kinatawan ng Kabataan Partylist na si Raymond Palatino na ipagbawal ang pagdaraos ng mga *religious rites* at paglalagay ng mga relihiyosong imahen sa mga gusali ng gobyerno na may kaugnayan sa sinasabi ng Konstitusyon sa paghihiwalay ng Simbahan at

understanding the different position of different construal; how they can be lived “naively” or “reflectively”; how one or another can become the default option for many people or milieus.

⁸ SA, 13.



Estado. Para kay Taylor, sa unang uri ng sekularidad, nililimas sa pampublikong espasyo ang anumang bagay na may kaugnayan sa Diyos.

Pangalawaang sekularidad ay tungkol rin sa pagbaba ng antas ng pagkaunawa sa kanilang mga pinaniniwalaan at pagtumul ng pagdalo sa mga gawaing relihiyoso. Ang antas ng pananampalataya ay mistulang nababansot sa kadahilanang ang mga “mananampalataya” ay hindi na nagpupunta sa simbahan. Sa ating bansa, halimbawa, maraming “Kristiyano” ang nagpupunta na lamang sa simbahan kapag sila ay nangangailangan. Ginagawang “sugar-daddy” o gatasan ng maraming “mananampalataya” ang Diyos. Sa ganitong nibel, maraming bansa marahil ang matatawag na sekular.

Ngayon, sa pangatlong uri ng sekularidad, na siya ring pinakagustong maunawaan ni Taylor, ang hindi paniniwala sa Diyos o kawalan ng pakialam dito ay nagiging isa sa mga opsyon ng tao. Nagpapakita ito ng klase ng mundo na mayroong pluralidad ng pamimilian. Galing sa pagkakaalam nito, nais ibunyag ni Taylor ang mismong penomenon na ito. Sa puntong ito, dapat nating linawin na, sa pananaw ni Taylor, iba’t iba ang klase ng sekularidad sa iba’t ibang lugar, sibilisasyon, tradisyon, at marami pang iba. Para sa kanya, ang terminolohiyang “sekular” ay kailangang maunawaan sa iba’t ibang aspekto. At, wala sa kanyang intensyon na isalba ang isang klase ng relihiyon. Sa halip, ang kanyang proyekto ay mapag-usisa lamang. Inaalam lamang niya ang mga sintomas at sanhi ng nasabing kalagayan. Paano nga ba mauunawaang ang panahong mayroon tayo ngayon? Paano tayo nakarating sa kasalukuyang sitwasyon at saan tayo dadalhin nito? Upang maunawan ito, talakayin natin ang kanyang mga pagninilay sa konteksto ng makabagong panahon.

Ang Dalawang Istorya ng Makabagong Panahon

Sa kanyang artikulong “Two Theories of Modernity” (2001), tinalakay ni Taylor ang dalawang magkaibang paraan ng pag-unawa sa pag-usbong ng makabagong panahon. Inusisa niya ang naging dahilan ng pagkakaiba ng kasalukuyang lipunan sa medyibal na lipunan halimbawa. May mga magsasabi na ang pagkakaiba ng mga yugto ng kasaysayan ay nakaugat sa kanilang pagkakaiba ng kultura. Binansagan ito ni Taylor na **kultural** na pag-unawa sa makabagong panahon. Bilang alternatibo sa naunang pag-unawa, maaari naman nating tingnan ang mga pagbabago mula noong dati patungo sa kasalukuyan bilang “pag-unlad”—bilang pagyao ng tradisyunal na lipunan at siya namang pag-usbong ng



makabago.⁹ Ito naman ang tinatawag ni Taylor na **akultural** na pag-unawa sa makabagong panahon.

May pagka-kritikal si Taylor sa akultural na pag-unawang ito. Para sa kanya, ang ganitong mentalidad ay bunga ng kayabangan ng makabagong panahon. Ipinangangalandakan ng ganitong pagtingin na ang pagbabago sa lipunan ay dulot ng isang klase ng Kaliwanagan, i.e., ang pagbabago ng pananaw at ispiritwalidad ay posible dahil ang mga lumang paniniwala at kaasalan ay nawalan na ng silbi. Ang mga tradisyunal na ideya ay hindi na nakaagapay dahil sa kawalan ng sinasandigang paliwanag na kinakailangan sa modernong panahon.

Upang maipakita ang negatibong implikasyon ng isang akultural na pag-unawa sa makabagong panahon, ipinaliwanag ni Taylor ang ugat ng nasabing kaisipan. Posible ang ganitong pananaw, sang ayon kay Taylor, dahil sa pagkiling natin sa maka-syentipikong kaalaman. Ibig sabihin, ang lahat na hindi maipapaliwanag o makukwenta base sa obserbasyon ay nararapat patawan ng obhetibong “Ockham’s razor.” Ayon kay Taylor, “tayong mga maka-bago ay umaasal nang ganito dahil dumating na tayo sa *pagkaunawa* na ang ilang mga paniniwala ay mali- o hindi kaya, sa negatibong pagbasa naman, dahil hindi na natin nauunawaan ang talagang totoo.”¹⁰ Hindi sinasabi ni Taylor na masama ang maka-syentipikong pag-unawa. Kaya nga lamang, hindi lahat nang bagay ay mapapatawan ng ganitong pagtingin. Delikado ang ganitong pagtingin dahil nawawala ang posibilidad ng pagsasanib-sanib ng kung anong totoo sa iba’t ibang kultura at tradisyon. Nalilimitahan at dinidiktahan ng mababagsik na pamantayan ng syentipikong pananaw ang malawak at malayang buhay ng tao. Kaugnay nito, sinabi ni Taylor, “Ikinakandado tayo nito sa isang etnikong kulungan, na kumukondisyon sa atin na husgahan ang lahat base lamang sa alam nating porma ng mundo at ginagawa natin ito nang hindi natin namamalayan ang ating kahibangan.”¹¹

Ito marahil ang ibig sabihin ni Marites Vitug sa kanyang artikulo sa *Rappler* na may pamagat na “Are We Truly a Secular Society?” (2013) na “pagiging manhid ng nakakarami”. Nagpapalagay ito na kung sino ang mas nakakarami, ito na rin ang maituturing na kalakaran (*norm*), at siya na ring

⁹ TTM, 172.

¹⁰ Ibid, 176.

¹¹ Ibid, 185.



tinatanggap na “tama”. Delikado ang “pagkamanhid” na ito sapagkat sa pagkakataong hindi tumugma ang iyong kilos sa “moralidad ng nakararami” maaaring patawan ito ng husga bilang “masama” o hindi katanggap-tanggap.

Hindi ibig sabihin nito na wala nang tama sa akultural na pagtingin. Lahat nang kultura at tradisyon ay mayroong sariling pundasyon. Akultural ang ating pagtingin sa makabagong panahon dahil ganito ang namamayaning kaisipan sa ating panahon. Subalit, minamarapat tayong gisingin ni Taylor sa ating kahibangan sa pagsasabing:

Sasablay tayo kung aasa tayo sa akultural na pananaw. Malabo at basag-basag na pag-unawa sa Kanluraning modernidad ang makukuha natin sa isa o dalawang paraan: Sa isang banda, nagkamali tayo sa pagkilatis ng mga pagbabago na sumasalamin sa kultura na kakaiba sa modernong Kanluran bilang bunga ng maayos na pagkadiskubre, o di kaya ay ng hindi matatakasang sanhi ng mga pagbabago sa lipunan, tulad ng introduksyon ng teknolohiya. Ang pagbaba ng gawaing relihiyoso ay kalimitang tinitingnan sa ganitong paraan. Ito ang mali sa pagtingin na ang lahat nang *bago* ay kasama pakete ng Kaliwanagan. Sa kabilang banda, nakalimutan nating tingnan ang ilang mga mukha ng makabagong pagpipisan, na nakasalabid sa ating pag-unawa sa syentia at relihiyon, na hindi natin nakikita bilang bahagi ng daloy ng pagbabago sa modernidad.¹²

Ito ang pagkakamali ng tinatatawag ni Taylor na “modern identity” sa kanyang *Sources of the Self*.¹³ Masyado tayong naaaliw sa klase ng pagtingin natin sa mundo at para bang kapalaran nating magkamali na husgahan ang lahat nang mga tao base lamang sa klase ng ating pagtingin. Kung titingnan naman natin ang modernidad bilang “kaliwanagan” sa mga mali ng relihiyon at metapisika, samakatuwid, ang magiging implikasyon nito ay lahat ng sibilisasyon ay patungo sa nag-iisang rasyunalidad (kung saan hindi naman ganoon ang nangyayari). Kaya nga, habang tinitingnan

¹² Ibid, 179-180.

¹³ Tingnan Charles Taylor, *Sources of the Self: The Making of the Modern Identity* (Cambridge, MA: Harvard University Press, 1989).



natin ang modernidad bilang isang engrandeng kwento ng kaisahan, “hindi natin nakikita kung paano nagkakaiba-iba ang kultura at kung paano kinukondisyon ng pagkakaibang ito ang tunay na katangian ng modernidad.”¹⁴

Dito mahalaga ang kultural na pananaw. Ito ang tinatawag ni Taylor na “mga alternatibong modernidad” (*alternative modernities*). Ang mito ng nag-iisang mundo ay imposible sapagkat ang mga pagbabago sa tinatawag nating *makabago* ay iba’t iba at magdudulot ng iba’t ibang resulta depende sa kanilang pinanggagalingang sitwasyon. Kaugnay nito, binigyan ng pansin ni Taylor ang mga sumusunod:

Ang pagkakaiba-iba ng mga kultura sa kanilang mga pag-unawa sa konsepto ng pagiging tao, pakikipagkapwa-tao, uri ng pag-iisip, masama o mabuti, at pagtingin sa sagrado at makamundo ay talagang magkakaiba. Ang kinabukasan ng ating mundo ay patungo sa pagbabago ng lahat nang lipunan, sa kanilang mga institusyon at pananaw, at ang ilan sa mga pagbabagong ito ay magkahilera, ngunit hindi sila magsasanib, sapagkat may mga bagong pagkakaiba ang uusbong galing sa luma.¹⁵

Hindi isinasantabi ni Taylor ang posibilidad ng *ilang* pagsasanib ng pananaw sa makabagong panahon. Kaya nga lamang, sa kanyang konsepto ng “alternative modernities” mas pinalulutang niya ang kakayanan ng makabagong panahon na gumawa ng mga pagbabago. Ang bawat isang kultura ay mayroong kakayanang lumikha ng sarili nilang modernidad. Sa madaling salita, ang pangunahing tesis ng “alternative modernities” ay patungkol sa pluralismo ng mga sibilisasyon. Kung saan ang ilan ay magtutugma, habang ang ilan naman ay magsasanga sa ibang destinasyon.

Ilang Mahahalagang Puntos sa Kaisipan ni Taylor: Tungo sa Pag-unawa ng Sekularismo at Pluralismo sa Pilipinas

May ilang mahahalagang puntos ang makukuha natin mula sa kaisipan ni Taylor na magagamit natin upang maunawaan ang klase ng lipunan na mayroon tayo sa kasalukuyan.

¹⁴ TTM, 180.

¹⁵ *Ibid*, 182.



Una, ang sekularidad ay hindi dapat tingnan bilang negatibong sitwasyon. Isa itong lehitimong kondisyon ng tao na naglalagay sa atin sa hamon ng pakikipagrelasyon sa iba at sa konsepto ng “mabuti” na alam nila. Hindi natin dapat tingnan ang ibang paniniwala o kawalan ng paniniwala bilang “ekstra” o isang aksidente na dapat alisin sa eksena. Kung totoo ang sinasabi ni Taylor, bahagi sila ng mundong meron tayo ngayon. Upang mas patingkarin pa ang puntong ito, gamitin natin ang kwento tungkol sa isang palaka na ginamit ni Florentino Timbreza.¹⁶

Sa kwento, may isang palakang nakatira sa tubig sa loob ng isang balon. Simula’t sapul ay ito na ang mundong kanyang ginagalawan. At dahil hindi pa siya nakakakita ng ibang klase ng tubig, lugar, kulay, temperatura, at iba pang kalagayan, masayang-masaya siyang ipinagsisigawan na wala nang mas malinaw pang tubig sa buong daigdig kundi ang kinasanayan niya sa loob ng balon. Subalit isang araw ay walang tigil ang malakas na ulan. Napuno ng tubig ulan ang balon at lalong natuwa ang palaka dahil lalong dumadami at lumalawak ang pag-aari niyang katubigan. Kaagad rin ngang umapaw ang tubig sa balon at nagulat ang palaka na mayroon pa palang mas malinaw at mas malawak na katubigan, ang ilog at ang karagatan.

Kung atin itong pagninilayan, malimit tayong maging katulad ng palaka sa kwento na nakakulong sa ating mga nakasanayang mundo. Dahil sa pagkakakulong na ito, nagiging makitid ang ating pagtingin. Taas-noo nating ipinagsisigawan ang ating mga paniniwala na para bang nakita na natin ang lahat-lahat. Subalit, pinaapaw ni Taylor ang tubig sa ating mga balon at ginugulat tayo sa kalawakan at kayamanan ng katotohanan. Isang pagbubukas ng pintuan sa mga hindi-nakasanayan ang susi upang maunawaan natin ang panahong mayroon tayo ngayon.

Pangalawa, sa dalawang teorya tungkol sa makabagong panahon, mas pinapaboran ni Taylor ang kultural na pag-unawa dito. Para sa kanya, ang akultural na pag-unawa sa makabagong panahon ay nangangalandakan ng pagyao ng nakaraan. Tinitingnan nito ang sinaunang lipunan bilang mababang-uri. Sa halip na tingnan natin ang makabagong panahon bilang tugatog ng sapin-sapin na tagumpay ng Kaliwanagan, at bago pa tayo masanay sa ganitong kayabangan, hinihimok tayo ni Taylor na tingnan ang ating mga sarili bilang nabibihag ng ganitong pagtingin. Bistadong-bistado

¹⁶ Florentino Timbreza, "Pamimilosopiya sa Sariling Wika: Mga Problema at Solusyon," sa *Malay* 22, no. 1 (2009).



na kay Taylor ang pagiging delikado ng ganitong kaisipan na mapagkwenta, mapagkahon, at kumikiling sa pagiging *eksklusibo*. Isang *inklusibong* pagtingin sa mundo (pagtanggap na pinagsasaluhan natin ito) ang nakikita niyang karapat-dapat na temperamento. Ang panahon ng pluralismo ay nananawagan ng “pag-oo” sa pagkakaiba-iba na talagang naka-ugat sa prinsipyo ng kalayaan at pagkakapantay-pantay (sa mayamang kahulugan ng mga ito).

Pangatlo, kung saan ito ay may relasyon sa pangalawa, matingkad ang pagkilala ni Taylor sa pagiging lehitimo ng pluralismo. Ang katotohanang ito ang siyang tumutulak sa ating tanggapin at maging bukas sa ibang panlasa at kultura. Hindi ito nangangahulugang basta-basta na lamang at hindi na pinag-iisipan ang pagtanggap sa mga bagong kultura. Sa halip isang pagka-bukas sa posibilidad at pagpapalawak ng ating abotanaw ang kinakailangan. Hindi tayo nagtatayo ng matatayog na pader sa pagitan ng samu’t saring paniniwala. Sa pagtingin ni Taylor, mahalaga pa rin ang mga pagitan, subalit ang mga pagitang ito ay malalambot na magiging daan upang magkarinigan. Ito ang tinatawag niyang “principled distance”—hindi nagbabangyan at hindi rin naman walang pansinan. Ang nasabing pagkabukas ang magdadala sa atin sa **pang-apat** na puntos—ang kahalagahan ng diyalogo.

Ang mundo ng sekularismo at pluralismo ang nagbubukas ng espasyo para sa mga diskurso na hindi naghahangad na bumuo ng kaisahan. Sa halip, ang pagkabukas na ito ay upang mas palawakin pa ang pag-unawa sa katotohanan. Ito ang panahon ng paglaya sa gapos ng nag-iisang Katotohanan. Nakabunyag na sa kasalukuyang panahon (sa panahon ng pluralismo) ang mga butil ng katotohanan na nakaugat sa kani-kanilang mundo. Sa katapus-tapusan, masasabi nga siguro natin na ang pagsabog ng pagkahilig natin sa *unibersal* na Katotohanan ang naglagay sa atin sa kondisyon kung saan umiiral ang napakaraming mukha ng mundo, ang panahon ng pluralismo.

Mga Sanggunian

De Leon, Emmanuel. "Ang Hanunuo-Mangyan, Ambahan at ang Misyong Simbahan." *DALUMAT Ejournal* 2, no 1 (2012).

Heidegger, Martin. *Being and Time*. Translated by Joan Stambaugh. New York: State University of New York, 1993.



- . *Contributions to Philosophy: From Enowning*. Translated by Parvis Emad and Kenneth Maly. Bloomington and Indianapolis: Indiana University Press, 1999.
- Taylor, Charles. "Two Theories of Modernity." In *Alternative Modalities*, edited by Dilip Parameshwar Gaonkar. London: Duke University Press, 2001.
- . *A Secular Age*. Cambridge, MA: Harvard University Press, 2007.
- . *Sources of the Self: The Making of the Modern Identity*. Cambridge, MA: Harvard University Press, 1989.
- . *The Explanation of Behavior*. London: Routledge and Kegan Paul, 1964.
- Timbreza, Florentino. "Pamimilosopiya sa Sariling Wika: Mga Problema at Solusyon." *Malay* 22, no. 1 (2009).
- Vitug, Marites. *Are We Truly a Secular Society?*. August 22, 2003. www.rappler.com/thought-leaders/28067-secular-society.

